## Mga Dapat Malaman

# Mga Rules sa Basura




## Tungkol sa Paghihiwalay ng Mapanganib na Basura

# Dahilan kung bakit kailangang paghiwalayin ang mga hindi nasusunog na basura at mapanganib na basura

Delikado kung mali ang paraan ng pagtapon ng basura.




# Bakit kailangang paghiwalayin ang "hindi nasusunog na basura" at "mapanganib na basura"?

Kapag isinama ang "mapanganib na basura" sa "hindi nasusunog na basura" sa pagkolekta...

## Dahilan1

**Maaari itong magdulot ng sunog sa trak ng basura!**



Kahit ang mga nagamit nang cassette-type na gas cartridge at spray can ay maaaring may natitirang flammable gas sa loob nito. Kapag isinama ang mga ito sa ibang basura, may panganib na maaaring magliyab at magdulot ng sunog.

# Nagkakaroon din ng sunog sa mga trak kolektor ng basura sa Lungsod ng Chiba!



# Bakit kailangang paghiwalayin ang "hindi nasusunog na basura" at "mapanganib na basura"?

**Kapag isinama ang "mapanganib na basura" sa "hindi nasusunog na basura" sa pagkolekta...**

**Dahilan 2**




Dahil ang mga fluorescent lamp, baterya, at thermometer na may mercury, atbp. ay naglalaman ng mapanganib na sangkap, kailangan itong kolektahin nang hiwalay sa mga hindi nasusunog na basura upang maiwasan ang pagtagas

### Tungkol sa mga mapanganib na basura na naglalaman ng mercury

Upang maprotektahan ang kalusugan ng tao at ang kalikasan mula sa artipisyal na mercury, nilagdaan ang "Minamata Convention on Mercury" noong buwam ng Pebrero taong 2016 (Heisei 28). Ang mercury ay may malakas na lason na maaaring magdulot ng malubhang pinsala sa kalusugan ng tao at sa kalikasan. Dahil ang mga fluorescent lamp at ilang uri ng thermometer at blood pressure gauge ay naglalaman ng mercury, siguraduhing itapon ang mga ito bilang "mapanganib na basura" sa tamang paraan.



Ang mga trak kolektor ng basura ay may nakalaang espesyal na container para pang lagyan ng mga mapanganib na basura.








May nakatalagang container para sa bawat uri ng mapanganib na basura.

# Bakit kailangang paghiwalayin ang "hindi nasusunog na basura" at "mapanganib na basura"?

Kapag isinama ang "mapanganib na basura" sa "hindi nasusunog na basura" sa pagkolekta...

**Dahilan 3** Pangatlong Dahilan: Nagiging mahirap ang gawain sa Niihama Recycle Center!

Ang mga nakolektang mapanganib na basura ay dinadala sa Niihama Recycle Center, kung saan ito ay pinaghihiwalay ayon sa uri at ligtas na iniimbak pansamantala. Isinasagawa rin ang mga gawain tulad ng pagbutas ng mga spray can at pagdurog ng mga fluorescent lamp.







# Paraan Nang Pagtatapon Ng Mga Mapanganib Na Basura

**Garbage Station** → **Niihama Recycle Center** → **Dinadala sa mga pribadong pasilidad ayon sa uri**

Halimbawa ng pag-device sa tapunan ng lugar ng mapanganib na basura








Pansamantalang iniimbak ayon sa uri





Kapag sapat na ang dami, ipinapadala sa bawat outsourcing company para sa tamang pagproseso



# Mga uri ng mapanganib na basura


## Mga item ng mapanganib na basura

### Fluorescent lamp
※ at LED fluorescent lamp




Balutin ito ng papel kapag ito ay nabasag, lagyan ng label na "delikado", at itapon bilang hindi nasusunog na basura.
※Dahil maaaring sumingaw ang mercury

### Mga dry cell na baterya at lithium ion na baterya (may markang CR at BR)




Ang mga mobile na baterya at maliliit na rechargeable na baterya ay hindi maaaring itapon sa istasyon ng basura. Dalhin ang mga ito sa Environmental Office, Niihama Recycling Center, o sa mga tindahang tumatanggap ng ganitong klaseng basura..
Ang mga button-type na baterya ay dapat dalhin sa mga tindahang kalahok sa programa ng pag-recycle.




Ang charger ng baterya ay itapon bilang hindi nasusunog na basura.

### Thermometer at blood pressure monitor (may lamang mercury)



Kung walang mercury, itapon bilang hindi nasusunog na basura.

### disposable gas lighter



### Cassette-type na gas canister at spray can



Ang takip ay itapon bilang nasusunog na basura.

---

Sa ilang pasilidad ng lungsod ay may mga collection base para sa mga mobile na baterya at maliliit na rechargeable na baterya.
Nangongolekta din ng kahit anong klase na mga maker ng namamaga o nasirang baterya

Ni-Cd
Nickel-cadmium (Ni-Cd) battery

Ni-MH
Nickel-metal hydride (Ni-MH) battery


Li-ion
Lithium-ion (Li-ion) battery

Ang mga kagamitang elektrikal na pambahay na naglalaman ng maliliit na rechargeable na baterya ay maaaring maging sanhi ng sunog sa trak kolektor ng basura o sa pasilidad ng pagproseso, kaya't hindi ito dapat ilagay sa istasyon ng basura. Dalhin ito sa mga lisensyadong recycler na kinikilala ng pamahalaan.

※Mangyaring suriin ang website para sa karagdagang detalye.

千葉市 充電式電池

# Paraan ng pagtapoon ng mga mapanganib na basura




# Mga dapat pagka-ingatan kapag tatapon ng mga mapanganib na basura

Mangyaring mag-ingat

## Mangyaring suriin maigi bago itapon

Mangyaring ubusin muna ang nilalaman ng mga mga lighter, spray can, atbp. bago ito itapon.



**Hindi na kailangang butasin ang can.**

Kung nais gamitin hanggang sa maubos ang laman ng spray can, gawin ito sa lugar na walang apoy at may magandang daloy ng hangin.

Huwag ilagay ang mga basura maliban sa mga itinalagang uri ng mapanganib na basura. Paghiwalayin ang mga ito ayon sa uri at ilagay sa transparent na plastik na bag bago itapon.



Hindi maaaring ilagay sa itinalagang plastik na bag para sa hindi nasusunog na basura.



# Tungkol sa paghihiwalay ng mga mapanganib na basura

